

Taon XXXIV Blg. 8 Mayo 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Moro laban sa tumitinding atake ng rehimeng US-Arroyo!

Parroyo ang National Democratic Front, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) naman ngayon ang gusto nilang ibilang sa kanilang talaan ng mga "terorista." Pormalidad na lamang ito dahil sa gawi ng US at ng rehimen ay malaon na nilang itinuturing na "terorista" ang MILF. Ipinagmayabang pa ng rehimeng Arroyo na hindi na kailangang ideklarang terorista ang MILF para makakuha ng pondo sa US at ituloy ang todo-gera laban dito sa ilalim ng hungkag na "gera kontra-terorismo" ng imperyalismong US.

Malinaw ang pakay ng tunguhing ito. Ito'y upang mabigyang-katwiran ang ibayo pang armadong interbensyon ng US, na balak nitong simulan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Amerikanong tropang pangkombat sa mga lugar na kinikilusan ng MILF sa Mindanao, bukod pa sa mga lugar ng bandidong Abu Sayyaf. Kalaunan ay sasaklawin pati na ang mga teritoryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Para magkaroon ng batayan ang deklarasyong "terorista" ang MILF, isinagawa ng US sa pamamagitan ng terrorist cell nito sa Pilipinas ang serye ng mga pambobomba sa iba't ibang lugar sa Mindanao. Kinasabwat dito si Defense Secretary Angelo Reyes. Karimarimarim ang sunud-sunod na mga pambobomba sa mga lunsod ng Davao at Koronadal mula Marso hanggang Mayo. Mahigit 50 inosenteng sibilyan ang namatay at daan-daan ang nasugatan sa mga teroristang atakeng ito.

Agad na inilabas ng rehimen ang paratang na ang mga pambobomba ay kagagawan ng sabwatang MILF-BHB-Abu Sayyaf. Isinang-

Mga tampok sa isyung ito...

Bt Corn: nakakalasong mais ng Monsanto
PAHINA 3

Ka Elvira, mapagkalingang rebolusyonaryo

PAHINA 6

Tagibang na daan tungong kapayapaan sa Palestine

PAHINA 7

kalan nito ang paratang upang halughugin ang mga komunidad ng Moro sa Davao at Koronadal at mangdampot ng mga sibilyan. Ang ilan sa kanila ay hindi pa rin inililitaw hanggang ngayon. Sa kumpas ng militar at pulisya, tatlong Moro ang pinagbabaril ng mga elemento ng Davao Death Squad nitong Mayo 10, ilang metro lamang ang layo mula sa isang detatsment ng PNP sa Sasa, Davao City.

Layunin din ng ibayong pangqiqipit at paqbabanta sa MILF na pwersahin itong pumirma bago matapos ang 2003 sa isang "pinal na kasunduang pangkapayapaan" na makaisang panig na binalangkas ng GRP at walang ibang nilalaman kundi ang pagsurender ng MILF sa rehimen. Tinaningan ng rehimeng Arroyo and MILF nand handgand Hunyo 1 na lamang na isuko ang mga tauhan nitong responsable umano sa mga pambobomba at hayagang magdeklarang pabor ito sa mga prekundisyon ng rehimen sa usapang pangkapayapaan. Kundi'y tuluyan na silang idedeklarang "terorista" at isasarado na ang usapang pangkapayapaan.

Ang totoo, noon pang Disyem-

bre 2002 ay pinaiigting na ng AFP ang mga operasyong militar laban sa MILF upang brasuhin itong pumailalim sa balangkas ng kapitulasyong ninanais ng gubyernong Arroyo o kaya'y tuluyang ibasura ang usapang pangkapayapaan. Idinahilan pa noong una ng AFP na ang kanilang mga panibagong atake ay may kaugnayan sa pagtuqis sa kriminal na Pentaqon qanq. Subalit kalauna'y lumabas at inamin din na ang MILF ang tunay nilang target. Biktima na naman sa marahas na kampanyang ito ang daanlibong inosenteng sibilyan na napipilitang lumikas dahil sa pagiwas sa mga pambobomba at pananalakay ng AFP.

Noong Abril 2, ilang oras pagkatapos ng isang peace rally na inilunsad ng mga organisasyong Moro na kumukundena sa terorismo at sumusuporta sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan, patraydor na isinagawa ng mga operatibang pangsaywar ng US at AFP ang pambobomba sa daungan ng Davao. Ginamit ito para muling iwasiwas ang mga mandamyento de aresto para kay Hashim Salamat, tagapangulo ng MILF, at iba pang lider nito. Nitong Mayo 17, iniutos



ni Macapagal-Arroyo ang ibayong pambobomba sa mga lugar sa Mindanao na pinagkukutaan umano ng mga "terorista"—ibig sabihi'y mga komunidad ng Moro. (Tingnan ang kaugnay na artikulo sa pahina 3.)

Hindi pa rin napaluhod ang MILF at bagkus ay pinag-iibayo ang kanilang rebolusyonaryong armadong pakikibaka.

Ipinakikita ng lahat ng ito na hindi ang MILF kundi ang US at AFP ang siyang mga tunay na terorista. Ibilang man nila ang MILF sa kanilang talaan ng mga "terorista," mananatiling lehitimo at makatarungan ang pakikibaka ng MILF at ng mamamayang Moro para sa pagpapasya-sa-sarili laban sa pambansang pang-aapi.

Wasto ang ginagawa ng MILF na paglulunsad ng mga atakeng gerilya laban sa reaksyunaryong militar upang ipagtanggol ang kanilang mga tagumpay, labanan ang kampanyang panunupil ng AFP at isulong ang pakikibaka ng mamamayang Moro.

Mahusay at mahigpit na napanghahawakan ng MILF ang kanilang mga sandata sa harap ng teroristang pagbabansag dito. Ito at ang puspusang pagsusulong ng mamamayang Moro sa iba pang larangan ng pakikibaka ang magsisilbing kalasag sa inaasahang pagtindi pa ng brutal na mga kampanyang panunupil ng GRP at AFP at lalong pag-igting ng armadong interbensyon ng US.



Taon XXXIV Blg. 8 Mayo 21, 2003

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng email sa: angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	1
Pambobomba sa Mindanao	3
Bt corn: nakakalasong mais ng Monsanto	3
Gubyerno, walang laban sa SARS	4
Ka Elvira, mapagkalingang rebolusyonaryo	6
Tagibang na daan tungong kapayapaan sa Palestine	7
Balita	8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

#### Pambobomba sa Mindanao

#### Pasiklab ng rehimen sa US

Agad ipinatupad ng AFP ang iniutos ni Gloria Macapagal-Arroyo na pambobomba sa mga lugar na pinagkukutaan diumano ng MILF sa Mindanao. Ito'y para makapagpasiklab siya sa kanyang imperyalistang amo na kanyang binibisita ngayon, sa pag-asang makakuha ng malaki-laking ayuda.

Nitong Mayo 18, sinimulan ng AFP ang halos maghapong pambobomba at paglusob sa North Cotabato, Lanao del Norte, Maguindanao at Zamboanga peninsula. Sa unang dalawang araw pa lamang, umabot na sa mahigit 30,000 libra (o mahigit 13,500 kilo) ng mga bomba ang inihulog ng mga eroplanong OV-10 Bronco sa Lanao del Norte at Zamboanga. Tatlong libong dagdag na tropa rin ang hinugot sa Luzon at Visayas para ipadala sa Mindanao. Umaabot na sa 318,000 mamamayan sa Zamboanga del Norte at 30,000 sa Lanao del Norte ang napilitang lumikas dahil sa pinaigting na kampanyang militar.

Agad ring sinabi ni Presidente George W. Bush ng US na daragdagan ang mga tropang Amerikano na lalahok sa Balikatan sa Mindanao. Nangako rin siyang daragdagan ang ayuda sa AFP para sa mga operasyon nito laban sa MILF. Samantala, inianunsyo ng White House na ang susunod na target pagkatapos ng MILF ay ang BHB.

Umani ng mga batikos ang mga operasyong militar. Ayon kay Gregorio "Ka Roger" Rosal, tagapagsalita ng Partido Komunista ng Pilipinas, ito ay direktang pag-atake sa mga komunidad ng Moro. Aniya, iniutos ito ng militarista at tutang si Arroyo na nais sumipsip at mag-alay ng pasalubong sa binibisita niyang amo.

Walong senador kabilang ang ilang mga kapartido ni Arroyo ang kumukontra ngayon sa nagpapatuloy na kampanyang militar sa Mindanao. Ayon kay Sen. Aquilino Pimentel, ang pambobomba ay walang iba kundi "terorismong itinataguyod ng estado."

Pinuna rin ni Fr. Angel Calvo ng Coalition of Mindanao Peace Advocates si Maj. Gen. Kyamko, hepe ng Southern Command sa pahayag nitong walang nagaganap na gera sa Mindanao kundi "paghuhulog lamang ng mga bomba at panganganyon..."

# Bt corn: nakakalasong mais ng Monsanto

boykot ang Bt corn!" mariing panawagan ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) sa nakatakdang pagtatanim at komersyal na pagpapalaganap sa bansa ngayong Mayo ng genetically modified na mais na produkto ng Monsanto, isang higanteng agro-kemikal na kumpanyang multinasyunal.

Patuloy na pinaiigting ng mga militanteng magsasaka ang kanilang pagtutol sa pagbibigay ng pahintulot ng Bureau of Plant Industry (BPI) sa Monsanto. Tinutulan nila noon ang mga field testing ng Monsanto sa Bukidnon, Isabela, Camarines Sur at South Cotabato. Tampok sa kanilang pagkilos ang pagbunot sa mga punla ng Bt corn sa iba't ibang lugar noong 2001.

Kaugnay nito, hinihikayat ngayon ng KMP sa Kongreso na ipasa ang tatlong panukalang batas na



inihain ng mga representante ng Bayan Muna. Layunin ng isa nito, ang HB No. 3381, na suspindi-

hin ang pagpapasok, pagsasagawa ng field testing at pagpapalaganap ng mga gene-

tically modified organism (GMO) sa bansa habang wala pang lubusang pagtaya sa kaligtasan at pagtalima nito sa mga panuntunan ng kalusugan at pagpangalaga ng kapaligiran.

Bukod sa mga kinatawan ng Bayan Muna, nagpahayag din ng suporta sina dating Sen. Wigberto Tañada, mga Katolikong arsobispo ng Iloilo at Bohol, Sen. Bob Bown ng Australia, Andrew Halaram (dating US Peace Corps *volunteer*), mga artista, akademiko, siyentista at ilang mambabatas sa 30 araw na pagaayuno (hunger strike) ng ilang lider-magsasaka at environmentalist sa harap ng opisina ng Department of Agriculture. Nagsimula ang hunger strike noong Abril 22 at natapos nitong Mayo 21..

Sumuporta rin ang Catholic Bishops Conference of the Philippines, Association of Major Religious Superiors of the Philippines at College Editors Guild

Sundan sa "Bt Corn," pahina 4

### Gubyerno, walang laban sa SARS

Hindi handa ang reaksyunaryong gubyerno laban sa pananalasa ng anumang epidemya dahil hindi nito prayoridad ang pangangalaga sa kalusugan ng mamamayan



Ilang buwan nang kumakalat sa iba't ibang bansa ang nakakahawa at wala pang lunas na sakit na SARS o Severe Acute Respiratory Syndrome. Sintomas ng sakit ang mataas na lagnat na maaaring samahan ng panginginig, pananakit ng kalamnan at panghihina. Sa loob ng dalawa hanggang pitong araw ay susundan ito ng tuyo at mahigpit na pag-ubo, at sa kalaunan ay kahirapan sa paghinga, na maaaring ikamatay.

Mahigit 3,000 na ang naitatalang kaso sa iba't ibang bansa at halos 600 na ang namamatay pag-abot ng Mayo. Unang naiulat ang sakit noong 2002 sa China at kumalat ito sa Hongkong at iba pang mga bansa pagsapit ng taong ito.

Sa Pilipinas, may lumitaw nang ilang kaso ng SARS. Subalit pilit pa ring sinasabi ng rehimen na walang dapat ikabahala.

Takot na takot ang gubyerno na mabalita na kabilang ang Pilipinas sa mga bansang may SARS. Nangangamba

Sundan sa "Gubyerno," pahina 5

#### "Bt Corn," mula sa pahina 4

of the Philippines. Bilang pakikiisa, nag-aayuno na rin ang 1,000 magsasaka sa Los Baños, Laguna at mahigit 500 sa Leyte, Negros at Iloilo. May mga aksyong suporta rin sa Baguio City, Davao del Sur, South Cotabato at Caraga.

Salot sa mamamayan. Ang genetically engineered na mais ng Monsanto, na mas kilala sa tatak na YieldGard, ay may taglay na gene ng mikrobyong Bacillus thuringiensis (Bt). Ang gene ng Bt ay nagbibigay sa mais ng kakayahang lumikha ng lason laban sa pesteng Asiatic corn borer.

Bagamat sa simula ang Bt corn ay makapupuksa nga sa *Asiatic corn borer*, maaari rin nitong mapatay maging ang mga di nakapipinsalang mga kulisap at iba pang hayop. Kalaunan, mismong ang *Asiatic corn*  borer ay maaaring magkaroon din ng resistensya laban sa Bt corn kaya mas magiging mahirap ang pagpuksa rito. Mas masahol pa, ang mga katutubong klase ng mais sa paligid ay maaaring malahian at masapawan ng Bt corn. Dahil idinisenyo ang Bt corn na hindi na mapagkunan ng binhi, ang mga magsasaka ay obligadong bumili ng binhi sa Monsanto bawat taniman.

Nararamdaman na ngayon ng mga magsasaka ng US at Mexico ang gayong masasamang epekto dahil nauna nang ipinalaganap ang Bt corn sa kanilang mga bansa. Pinag-aaralan ang ilang indikasyon na ang masasamang epekto sa kalusugan ng tao tulad ng kanser sa tiyan at bituka, mga depekto sa panganganak at sakit sa nerbyos ay sanhi ng mga produktong GMO.

Mga pagtutol sa ibang bansa. Dulot ng mga negatibong epekto nito, ang mga bansa sa European Union at sa Asia (maliban sa Pilipinas) ay nagbaba na ng moratoryum laban sa pagpapalaganap nito. Inihinto na nila ang pag-aangkat ng GMO na mais, soya at bulak sa US at Canada mula pa noong 2000. Nagpataw na rin ang Tasmania, isang estado ng Australia, ng limang taong moratoryum laban sa mga produktong GMO.

Mismong sa US ay malakas ngayon ang pagtutol ng mga kasapi ng American Corn Growers Association sa GMO. Hinihiling nito sa US Environmental Protection Agency na pag-isipang mabuti ang pagdedesisyon na payagan muli ang Monsanto na magbenta ng Bt corn.

Sa kabila ng umiigting at lumalawak na protesta, patuloy pa rin ang plano ng rehimeng Arroyo sa komersyal na pagpaparami at pagbenta ng Bt corn at iba pang produktong GMO. itong mabawasan ang bilang ng overseas contract workers (OCW) at ang ipinapadala nilang mga remitans sa Pilipinas kapag hinigpitan ng ibang mga bansa ang pagpasok ng mga Pilipinong OCW dahil sa takot sa SARS. Kamakailan, ang Libya, Bahrain, Turkey at Singapore kung saan nagtatrabaho ang aabot sa puu-puong libong OCW, ay nagbawal na sa pagpasok doon ng mga Pilipino dahil sa mga napabalitang kaso ng SARS sa bansa. Nag-aalala rin ang rehimen na lalo pang babagsak ang turismo at lalong iimpis ang dayuhang pamumuhunan.

Sadyang mas pangunahin sa rehimen ang desperasyong kumita ng dolyar kaysa anumang hakbanging pag-iingat. Halimbawa, urong-sulong ang gubyerno sa patakaran nito hinggil sa mga Pilipinong nais magtrabaho sa mga lugar na grabeng tinamaan ng SARS, tulad ng Hongkong. Noong Marso ay inianunsyo ng gubyerno na pagbabawalan na muna ang pagpapadala ng mga manggagawa sa Hongkong. Subalit mabilis ding binawi ang deklarasyong ito. Ito ay dahil sa takot na mabawasan ang remitans ng dolyar na bumubuhay sa ekonomya ng Pilipinas at dahil na rin sa reklamo ng mga nais magtrabaho sa Hongkong. Makikipagsapalaran na lamang sila sa SARS, anila, sa halip na mamatay dito sa gutom.

Ang totoo, wala talagang matinong programa ang reaksyunaryong gubyerno para harapin ang isang epidemyang tulad ng SARS o anupamang malalang sakit na mananalasa sa bansa. Ipinagmamalaki ng rehimen ang awtomatikong paglaan nito ng P1.5 bilyon para sa mga programang kontra-SARS. Subalit napakaliit nito kumpara sa malaking pangangailangang pangkalusugan ng mamamayan. Kinukwes-

tyon na rin ngayon ng ilang senador kung saan napunta ang pondo dahil hanggang ngayon ay wala pa silang nakikitang signipikanteng pag-unlad sa mga kagamitan at programang kontra-SARS. Nagtukov ang rehimen ng isang pasilidad (ang Research Institute for Tropical Medicine o RITM) na kokonsentra sa pag-aalaga ng mga biktima ng SARS, subalit ito'y may lilimampung higaan lamang. Ang ibang pasyente ng RITM na may ibang malalalang sakit na siyang pinagkakadalubhasaan ng RITM ay sapilitang pinalipat sa ibang ospital.

Ang mga manggagawang pangkalusugan sa pampublikong sektor na inaasahang direktang mangangalaga sa mga pasyenteng may SARS at kabilang sa mga pinakabulnerable sa sakit na ito, ay kulang na kulang sa proteksyon. Malaki ang kakulangan sa mga N95 mask (surgical mask na sumasala sa mikrobyo) na iniisyu sa kanila. Kulang din ang kagamitan, gamot at tauhan sa mga pampublikong ospital. Dahil sa kakulangan sa tauhan, nababanat nang husto sa trabaho ang mga manggagawang pangkalusugan sa gubyerno. Sa kabila nito, mababa ang kanilang sahod, at kailanman ay hindi pinaglaanan ng gubyerno ng pondo ang kanilang mga benepisyo tulad ng hazard pay, overtime pay at night shift differential pay. Nananatili ang kalunus-lunos na kalagayang ito sa kabila ng bantang dulot ng SARS.

Katunayan, halos walang proteksyon ang mga manggagawang pangkalusugan laban sa anumang sakit. Kapag dinapuan sila ng karamdaman, pahirapan pa ang pagutang sa Government Service Insurance System kahit may kaugnayan sa paggampan ng kanilang trabaho ang kanilang sakit.

Ang mayorya ng mamamayang Pilipino ay bulnerable sa napakaraming sakit bukod sa SARS, dahil sa Dagdag lamang ang
wala pang lunas na SARS
sa mga panganib na
kinakaharap ng
napakaraming Pilipinong
nagkakasakit at namamatay
dahil sa mga simple,
madaling iwasan at
may lunas na mga
karamdaman...

tahasang pagpapabaya ng reaksyunaryong gubyerno. Ngayong taon, P9.9 bilyon lamang ang badyet ng gubyerno para sa buong Department of Health, katumbas ng 1.2% ng kabuuang badyet na P804 bilyon. Sa kabilang banda, P48.6 bilyon o 27.7% ng badyet ay nakalaan sa bayad-utang.

Dagdag lamang ang wala pang lunas na SARS sa mga panganib na kinakaharap ng napakaraming Pilipinong nagkakasakit at namamatay dahil sa mga simple, madaling iwasan at may lunas na mga karamdaman tulad ng tuberkulosis (TB), malarya at dengue at kahit pagtatae lang.

Tatlumpung milyong Pilipino o 30% ng populasyon ang may TB at 75 ang namamatay dito araw-araw samantalang napuksa na ang sakit na ito sa mauunlad na bansa. Problemang pangkalusugan ang malarya sa 66 o 84% ng mga prubinsya sa bansa. Halos tuwing dalawang taon ay may epidemya ng dengue sa mga lunsod at bayan. Pawang mga maralitang pinagkakaitan ng kalinga ng gubyerno ang mga biktima nito.

Anang mga nagpoprotestang manggagawang pangkalusugan, SARS nga ang dahilan ng lahat ng ito—ang Severely Anemic Resources for Health Services o grabeng kakulangan ng rekurso para sa serbisyong pangkalusugan.

### Ka Elvira, mapagkalingang rebolusyonaryo

Titong Mayo, isinabog ng mga Pulang mandirigma sa mga kabundukan at parang ng rehiyong Ilocos-Cordillera ang mga abo ni Ka Elvira—beterana ng rebolusyon at mapagmahal na kasama.

Nakilala siya sa kanyang malakas na pagtawa. Malambot ang puso sa mga kasamang nasa larangan. Beterana. Taglay niya ang mga katangian nina Tandang Sora at Gabriela Silang.

Si Ka Elvira o Isabelita del Pilar, isa sa mga kauna-unahang kasamang kumilos sa rehiyong Ilocos-Cordillera, ay namatay dahil sa malubhang sakit noong Abril 13, 2003. Bago mamatay, kagawad siya ng Komiteng Rehiyon ng Partido sa Ilocos-Cordillera simula 1998 at nakatalaga sa gawaing pinansya.

Kahit grabe na ang nararamdamang sakit dulot ng kanyang sunod-sunod na operasyon at di umuubrang gamot, nasa isip pa rin niya ang mga kasama at ang kanilang kagalingan.

Umiiyak siya kapag kulang ang panustos

ng mga kasama at pamilya nila na nasa mga larangang gerilya. Mapanlikha siyang nagpapalitaw ng pinansya at gamit para sa mga kasama. Tanda ng kanyang pagmamalasakit, kadalasan ay nagpapadala siya ng sariling luto sa mga kasama lalo na sa sona sa Abra at Ifugao na matagal niyang kinilusan.

Sa eskwelahan, "beauty and brains" siyang tinagurian. Malayo sana ang mararating niya sa burges na pamumuhay, subalit pinili ni Ka Elvira na maglingkod sa masa. Siya ang kauna-unahang estudyante sa Baguio City na sinipa sa eskwelahan dahil sa aktibismo. Ilang ulit siyang nahuli at nakipaghabulan sa militar sa mga welqa at demonstra-

syon. Isa siya sa mga unang nagorganisa sa hanay ng mga manggagawa ng Baguio City, Benguet at La Union. Nakipamuhay siya sa mga manggagawa at kadalasang kasali sa mga piketlayn at welga.

Si Ka Elvira ay isa sa mga unang estudyanteng tumugon sa panawagang magtungo sa kanayunan. Nagsilbi siya bilang organisador at sa kalaunan ay sumapi sa BHB bago ipataw ang batas militar. Tumungo siya sa isang sonang gerilya sa Abra noong 1973. Kabubukas ng sonang ito at wala pang karanasan

sa pagtatayo ng mga sona ang mga kasamang naideploy noon. Hinarap nila ang pagtatambak ng maraming pwersang militar dahil ito ang kaharian ng warlord-pulitiko na si Carmelo Barbero, defense secretary noon ng pasistang si Marcos.

Maraming taga-Malibcong, Lacub at Tineq and handgand ndayo'y nagkukwento tungkol sa walang kapagurang pag-aalaga niya sa mga maysakit noong nagkaroon ng epidemya sa lugar nila. Hindi kumalat ang epidemya dahil, sa pangunguna ni Ka Elvira, pinagaralan ng mga kasama at masa ang mga posibleng dahilan at gamot sa sakit. Medical officer siya noon ng yunit ng BHB na kumikilos doon. Binabagtas niya ang gubat kahit gabi at umuulan, makapagbigay man lang ng temporaryong lunas sa mga nagkakasakit. Isang kwentong hindi nila malimutan ay noong ang isang batang mataas na ang lagnat ay di makahinga. Sinipsip ni Ka Elvira ang sipong bumabara sa ilong ng bata para lamang makahinga ang bata.

Nahuli siya noong 1974 at sa kulungan ipinanganak ang kanyang panganay. Nang makalaya noong 1976, sa Ifugao naman siya kumilos. Sa isang misyon para magpasok ng mga baril at bala sa Ifugao noong 1978, nahulog sa bangin at sumabog ang kanilang sasakyan at malubha siyang nasugatan. Sa ospital ay muli na naman siyang nadakip. Nang makalaya noong 1980, kaagad siyang bumalik sa Ifugao, kahit pa ang isang baga ay wasak na at ang ilang tadyang ay bali dahil sa aksidente.

Sa Ifugao, alam na alam ng masa kung dumating ang yunit nina Ka Elvira dahil pagdating nila mula sa uma (kaingin), may luto nang ulam at malinis ang bahay. Hindi siya nasiraan ng loob sa dinanas na mga hirap sa pagbubukas ng sonang gerilya at nagsilbi siyang inspirasyon sa mga bagong sampang gerilya at sa masa. Masaya siyang nanilbihan sa masa, nagorganisa at nagbigay ng mga pampulitikang pag-aaral. Hindi niya kinaligtaan ang pag-asikaso sa kalusugan at pagtataguyod sa pangekonomyang kagalingan ng masa roon, laluna sa kalagayang ang Ifugao ang isa sa mga prubinsyang pinakamahirap at pinakapinabayaan ng reaksyunaryong pamahalaan.

Kilalang makwento si Ka Elvira. Ibinabahagi niya ang mga kwento tungkol sa karanasan nila sa pagtatayo ng mga sonang gerilya, mga katiwalian nina Conrado Balweg at mga kasapakat nitong bumuo ng CPLA at mga problemang idinulot ng pagtataksil ng mga ito at ang ilang beses na pagkakakulong sa kanya (Camp Dangwa, Camp Olivas at Camp Bagong Diwa)

# Tagibang na daan tungong kapayapaan sa Palestine

aliwas na taliwas sa ipinapakitang pagkabukas ng Palestine, patuloy na tumatanggi ang gubyernong Israeli na gumawa ng mga kinakailangang hakbangin tungo sa paglutas ng ilang dekada nang tunggaliang Palestine-Israel. (Tingnan ang kaugnay na artikulo sa nagdaang isyu ng AB.)

Nagpabalat-bunga lamang si Ariel Sharon, punong ministro ng Israel, sa pagsasabing luluwagan na ang kontrol nito sa mamamayang Palestino. Wala pa ring tigil ang pag-atake, pananakop sa mga syudad, paghihigpit at pagmamalupit ng mga pwersang Israeli sa mamamayan ng Palestine. Hindi pa rin pinatitigil, bagkus ay pinangangatwiranan pa nga ng gubyerno ng Israel ang pagpapalawak ng mga kolonyang Israeli sa loob ng Palestine.

Ang pinakabagong "solusyong" inihahapag ng "roadmap" ay nauna nang pinagtulungang buuin ng gubyernong US at mga kinatawan ng Israel, kaya nga't sadyang napakatagibang nito kontra sa interes ng Palestine.

Pinakarurok nito umano ang minimithing malayang sariling estado ng Palestine na posible umanong maitayo na sa 2005. Pero bago ito maitayo, kailangang mapunuan muna ng Palestine ang maraming napakabigat at tagibang na mga kundisyon. Mabuo man ito, isang hilaw at di-independyenteng estado ang kalalabasan dahil panghihimasukan at pagpapasyahan ng Quartet (US, United Nations, European Union at Russia—ang grupong nagbuo ng "roadmap") ang lahat ng aspeto sa pagbubuo ng

estado ng Palestine: anong gubyerno ang itatayo, paano ito itatayo, sino

ang ihahalal dito, paano sila ihahalal, ano ang magiging mga patakaran ng estado, paano ito pagaganahin at iba pa. Sa pamamagitan ng "roadmap" at ng Quartet, inilalatag ng US ang walang-habas na panghihimasok nito sa mga panloob na usapin sa Palestine.

"Posible" umanong mas bago pa ang 2005 ay maitayo ang "independyenteng estado" ng Palestine, pero ito'y kung ganito rin kaaga matutupad ng Palestine ang lahat ng mga kundisyong nakaatang dito. Gayunman, "pansamantala" lamang ang mga hangganan ng "estado" at magkakaroon lamang ito ng "ilang katangian" (attributes) ng soberanya at mapaiilalim pa rin ito sa superbisyon ng Quartet.

Sa kabilang banda, sa mga sinakop lamang mula Marso 2001 itinatakdang kagyat na dapat umalis ang mga Israeli. Ang pag-alis ng mga mananakop sa mga teritoryong inokupa mula Setyembre 2000 hanggang Marso 2001 ay dedepende umano sa "security performance" o pagtugon ng Palestine sa kundisyong magdisarma. Bukod rito, walang mali-

naw na probisyong nagtatakda sa Israel na ibalik sa Palestine ang mga teritoryong sinakop bago ang Setyembre 2000.

Pinalalabas ng "roadmap" na ang aksyon ng mga pwersang militar ng Israel ay pagdepensa-sa-sarili at reaksyon lamang sa pagkilos ng mga Palestino. Walang pagkilala sa katotohanan na ang marahas, iligal at imoral na okupasyon ng Israel sa Palestine ang nagbunsod sa mga Palestino na ipaglaban ang kanilang mga karapatan.

#### "Ka Elvira," mula sa pahina 7

na laging sinasaliwan ng malulutong niyang halakhak.

Sa loob ng 32 taong ibinuhos sa kilusan, isa siyang huwaran ng rebolusyonaryong kasigasigan na hindi kailanman kinakitaan ng panghihina ng loob. Isa siyang bukal ng kasiglahan, katatagan at mataas na diwang mapanlaban. Sa panahon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, umalalay siya sa mga nanghihina ang loob at tumulong sa paghalaw ng mayamang aral sa mahabang rebolusyonaryong karanasang nilahukan niya.

Lagi niyang sinasambit na "Nagsimula ang kilusan sa halos wala. Sumapi kami sa BHB na walang karanasang humawak ng armas o magbuo ng sonang gerilya. Bitbit lang namin ang rebolusyonaryong teorya at ang pag-asang may bagong bukas para sa aping bayan."



#### Sabwatan ng militar at Abu Sayyaf, ibinunyag ni Burnham

KINUMPIRMA ni Gracia Burnham, isang Amerikanang misyonerong mahigit isang taong naging bihag ng Abu Sayyaf ang malaon nang sabwatan ng mga upisyal ng AFP at ng teroristang grupo.

Sa isinulat niyang librong *In the Presence of my Enemies* (Sa Piling ng Aking mga Kaaway) na inilabas sa US nitong unang linggo ng Mayo, ibinunyag ni Burnham na nakipagtawaran ang isang heneral ng AFP kay Abu Sabaya, isa sa mga lider ng Abu Sayyaf, sa hatian sa ransom ng mga bihag. Lamang ay hindi natuloy ang hatian dahil sa laki ng gustong porsyento ng heneral.

Sinabi rin ni Burnham na ang AFP mismo ang nagsusuplay sa Abu Sayyaf ng gamot, bigas at iba pang pagkain. Iniiwan lang umano ito ng mga sundalo sa tabi ng mga kalsadang dinadaanan ng Abu Sayyaf na malapit sa mga detatsment. Nanggagaling din sa militar ang mga armas at bala ng mga bandido.

Namatay sa isang bigong "rescue operation" noong Hunyo 7, 2002 sa Zamboanga ang asawa ni Gracia na si Martin na kasabay niyang nabihag. Natamaan din si Gracia sa paa at namatay ang isa pang Pilipinong bihag.

Dati nang ibinunyag ng iba pang bihag at ni Fr. Cirilo Nacorda, kura paroko sa Lamitan, Basilan ang kutsabahan ng militar at Abu Sayyaf. Ayon kay Fr. Nacorda, sadyang pinatakas ng AFP ang mga bandido nang salakayin ng Abu Sayyaf ang Lamitan noong 2001. Subalit walang nangyari sa imbestigasyon hinggil sa kanilang mga reklamo.

Dahil sa mga ibinunyag ni Burnham, naghain ng resolusyon ang isang kongresista para muling buksan ang imbestigasyon sa insidente sa Lamitan. Samantala, balak ipatawag sa senado ang mga upisyal na sangkot sa nasabing insidente. Kabilang dito sina Maj. Gen. Romeo Dominguez (hepe ngayon ng Northern Luzon Command), Col. Juvenal Narcise at Maj. Eliseo Campued.

#### Dean Malay, pumanaw na

PUMANAW na sa edad na 89 si Dean Armando J. Malay nitong Mayo 15. Nagtala siya ng maningning na rekord ng anim na dekadang pakikibaka bilang makabayang peryodista, aktibista at tagapagtaguyod ng karapatang-tao.

Nagsimula bilang reporter si Malay noong 1935. Dahil sa paglaban sa diktadurang Marcos, ikinulong siya kasama ang buong patnugutan ng peryodikong *WE Forum* noong 1982. Pinawalangsala sila sa kasong subersyon pagkatapos ng EDSA I noong 1986.

Kasama ang mga progresibo at rebolusyonaryong pwersa, itinayo ni Malay ang ilang organisasyong pangkarapatang-tao na nagtanggol sa mga karapatan at kagalingan ng mamamayan. Mahaba at mabunga rin ang mahigpit niyang pakikipagkaibigan sa Partido. (Maglalabas ang AB ng mas malawig na artikulo hinggil kay Dean Malay sa susunod nitong isyu.)

#### Lider magsasaka, sinalbeyds

NATAGPUANG patay ng kanyang mga kamag-anak noong Mayo 9 si Melencio Gloriani, 51, upisyal ng Kalipunan ng mga Magsasaka sa Kabite-KMP, ilang araw lamang matapos siyang dakpin ng Philippine National Police (PNP). Tadtad ng mga bala ang kanyang katawan nang makita ito sa Sityo Kapantayan, Barangay Bucal, bayan ng Maragondon, Cavite.

Samantala, ang dalawa niyang kasamang aktibistang magsasaka na sina Ronilo Pagao, 22, at Gerry Ciacos ay patuloy na ibinibinbin sa Camp Pantaleon, Imus sa paratang na mga kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan.

#### Sentenaryo ng kamatayan ni Mabini, ginunita

GINUNITA nitong Mayo 13 ang sentenaryo ng kamatayan ni Apolinario Mabini, na kilala bilang "Dakilang Paralitiko". Ipinanganak si Mabini noong 1864 sa Tanauan, Batangas. Bagamat galing sa mahirap na pamilya, nakatapos si Mabini ng abogasya noong 1894 dahil sa kanyang pagsisikap. Di naglaon ay sumapi siya sa Katipunan.

Dahil sa isang karamdaman, nalumpo siya noong Enero 1896. Sa kabila ng kanyang kalagayan, ikinulong siya ng mga kolonyalistang Espanyol mula 1896 hanggang 1897 dahil sa kaugnayan niya sa Katipunan.

Nagsilbi siyang punong ministro ng Unang Republika ng Pilipinas nang ideklara ito noong Hunyo 1898. Nadakip siya ng mga kolonyalistang Amerikano noong 1899 at idinistyero sa Guam.

Pinabalik siya sa Pilipinas noong 1903 at pilit na pinasusumpa sa bandilang Amerikano. Di tulad ng ibang upisyal ng Unang Republika, hindi yumukod si Mabini sa dayuhang mananakop hanggang sa mamatay siya sa sakit na kolera noong Mayo 13, 1903.



## Paglabag sa karapatang-tao, lumalala sa Rehiyon 11

INAMIN mismo ng Commission on Human Rights na tumataas ang bilang ng mga kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Rehiyon 11 sa Mindanao. Sa unang kwarto ng taong ito, 67 kaso na ang naisampa—mas mataas nang 116.13% kumpara sa parehong panahon ng nakaraang taon. Mga kaso ito ng tangkang pagpatay (12), pananakit (17) at pananakot (6), at ang iba ay mga kaso ng pamamaril, pambobomba, arson, panggagahasa, panggigipit, pagdukot, iligal na pang-aaresto at iligal na detensyon.

#### Sabwatang Bañez-AGILE, nabunyag

IBINUNYAG ng isang kongresista ang sabwatan ng dating commissioner ng Bureau of Internal Revenue (BIR) na si Rene Bañez at ng AGILE, isang institusyong itinayo ng US CIA, na wasakin ang BIR at itayo ang Internal Revenue Management Authority upang itago ang malalaking anomalya ng mga pinuno nito.

Ang pagbigay ni Bañez ng bilyun-bilyong pisong *tax break* sa Metro Pacific Group of Companies, na dati niyang pinagtatrabahuan, ang isa sa mga dahilan ng pagbagsak ng kuleksyon ng BIR noong nakaraang taon, ani Kongresman Aniceto Saludo ng Southern Leyte. Tinatayang aabot sa P38 bilyon ang di nakolektang buwis dahil sa anomalyang ito. Nasa ilalim ng Metro Pacific ang dambuhalang mga kumpanya tulad ng PLDT, Smart, Piltel, Fort Bonifacio Development Corporation at Negros Navigation.

Ayon sa kongresista, pinalalabas ng rehimen na kasalanan ng ordinaryong mga empleyado ng BIR ang pagbagsak ng kuleksyon upang pagtakpan ang pangungurakot ni Bañez.

#### Kontrata ng PIATCO, pinawalambisa

MATAPOS huthutan at pakinabangan, tuluyan nang pinawalambisa ng rehimeng Macapagal-Arroyo ang kontrata ng Philippine International Air Terminals Inc. (PIATCO) na inatasang magtayo ng NAIA Terminal 3. Noong nakaraang taon pa nais sipain ni Macapagal-Arroyo ang pamilyang Cheng, ang pangunahing mamumuhunan sa proyekto, bilang pabor kay Lucio Tan na gustong kumontrol sa lahat ng terminal sa internasyunal at lokal na paliparan. Sa pagpapawalambisa ng Korte Suprema sa kontrata nitong Mayo, libreng-libre nang pumasok at makinabang ang grupo ni Lucio Tan sa tapos nang NAIA Terminal 3.

Iginigiit ng PIATCO na bayaran ng gubyerno ang mahigit \$500 milyong ginastos nito sa pagpapagawa ng terminal. Tiyak na titiba na naman ng milyun-milyong dolyar si Macapagal-Arroyo at kanyang mga kasapakat sa nakatakdang negosasyon para sa "reimbursement" ng ginastos ng PIATCO.

#### Saudi Arabia, Chechnya, Morocco binulabog ng mga pambobomba

SUNUD-SUNOD ang pagpapasabog ng mga bomba nitong Mayo sa Saudi Arabia, Chechnya at Morocco na puminsala sa ilandaan katao, bukod pa sa mga pasilidad. Ang mga lugar na binomba ay pawang saklaw ng mga bansang tumutol sa gera ng US laban sa Iraq.

Mabilis na pinaratangan ng US ang al Qaeda sa mga pambobombang ito. Subalit malakas ang hinala na kagagawan ang mga ito ng mga operatibang pangsaywar ng US Central Intelligence Agency. Ito'y upang parusahan ang mga bansang hindi sumang-ayon sa panggegera sa Iraq at mabigyang-dahilan ang patuloy na presensya ng mga tropang Amerikano sa Middle East at Central Asia.

Mahigit 40 katao ang namatay at marami ang nasugatan sa magkakasunod na pambobomba sa apat na lugar sa Casablanca, Morocco gabi ng Mayo 16. Sumabog naman ang dalawang bomba sa Chechnya noong Mayo 13 na ikinamatay ng 54 at ikinasugat ng 110. Noong Mayo 12, tatlong bomba ang sumabog sa Riyadh, Saudi Arabia na ikinamatay ng 34 at ikinasugat ng mahigit 100.

Ang pambobomba sa Saudi Arabia ang pinakaunang atake laban sa mga Amerikano at iba pang dayuhan mula nang sakupin ng mga tropang US ang Iraq. Bago ito, iginigiit na ng gubyernong Saudi ang pagpapaalis sa mga tropang Amerikano sa bansa dahil mitsa ito ng lumalalim at lumalawak na sentimyentong anti-US sa Saudi Arabia.

Samantala, isang malapit na alyado ng US ang Morocco, ngunit naging mahigpit ang pagtutol nito nang salakayin ng US ang Irag.

Ang Chechnya naman ay isang autonomous na republikang saklaw ng Russia noong nakatayo pa ang Union of Soviet Socialist Republics (USSR). Nagdeklara ito ng kasarinlan pagkatapos malusaw ang USSR ngunit sinakop ito ng Russia noong 1994. Kasalukuyan itong naglulunsad ng digma ng pambansang pagpapalaya laban sa Russia.

Mariin ding tinutulan ng Russia ang gera ng US sa Iraq. Isinasangkalan ngayon ng US ang pambobomba sa Chechnya para tiyakin ang kooperasyon ng Russia sa pandaigdigang gera laban sa "terorismo" na itinutulak ng US.



#### Indonesia nagdeklara ng batas militar sa Aceh

UMABOT sa 45,000 tropang Indones ang lumusob sa Aceh pagkatapos ideklara rito ng Indonesia ang batas militar nitong Mayo 19. Ginawa ang deklarasyon pagkatapos bumagsak ang usapan sa pagitan ng Free Aceh Movement (GAM) at ng gubyernong Indones dahil sa patuloy na paninindigan ng GAM para sa kasarinlan sa halip na awtonomya. Isinangkalan ng Indonesia ang diumano'y pagsunog ng GAM sa 30 eskwelahan.

Halos 27 taon nang ipinaglalaban ng GAM ang kasarinlan ng Aceh. Ang prubinsya, na nasa hilagang bahagi ng Indonesia, ay estratehiko para sa Indonesia at mga imperyalistang bansa dahil mayaman ito sa langis at *natural gas*.

#### North Korea, tumiwalag sa kasunduan laban sa mga armas nukleyar

TUMIWALAG nitong Mayo 13 ang North Korea o Democratic People's Republic of Korea (DPRK) sa kasunduan sa pagitan nito at ng South Korea na nagbabawal ng mga armas nukleyar sa buong Korean peninsula. Anang DPRK, pinawalang-saysay na ng US ang naturang kasunduan.

"Sistematiko at ganap nang winasak ng administrasyong Bush ang proseso ng denukleyarisasyon ng Korean peninsula," pahayag ng DPRK. "Kaya naging isa nang patay na dokumento ang deklarasyon ng denukleyarisasyon ng Korean peninsula."

Ilang buwan nang ginigipit ng US ang North Korea upang pilitin itong ibasura ang programang nukleyar ng bansa. Naninindigan ang North Korea na ang pagaarmas nito ay makapipigil sa bantang agresyon ng US.

## Pagtatanggal sa CPN(M) sa listahan ng mga terorista, ipinanawagan

APATNAPU'T limang partido at organisasyon mula sa iba't ibang bansa ang nanawagan nitong Mayo 4 na tanggalin ang Communist Party of Nepal (Maoist) o CPN(M) sa listahan ng US ng umano'y mga terorista.

Ang naturang mga organisasyon, kabilang ang NDFP, ay kalahok sa Ika-12 International Communist Seminar na ginanap sa Brussels, Belgium.

Ibinilang ng US ang CPN(M) at

ang pinamumunuan nitong United People's Front (UPF) sa listahan ng mga "terorista" noong Abril 30. Layunin ng hakbanging ito ng US na sagkaan ang ginaganap na usapang pangkapayapaan sa Nepal.

Nanawagan din ang 45 organisasyon na palayasin mula sa Nepal ang 48 Amerikanong tagapayong militar ng reaksyunaryong gubyerno. Nagpahayag sila ng pagsuporta sa prosesong pangkapayapaan sa Nepal.

#### Kumander ng mga tropang US sa Iraq, kinasuhan

KINASUHAN nitong Mayo 14 ng 19 na Iraqi si Gen. Tommy Franks, kumander ng mga pwersang Amerikano sa Iraq, at iba pang upisyal militar ng US ng mga krimen laban sa sangkatauhan. Kabilang sa mga ikinaso sa kanila ang walang habas na pagpatay sa mga sibilyang Iraqi, ang pambobomba sa isang palengke, pagtarget sa mga ambulansva at hindi paqpiqil sa malawakan at walang pakundangang nakawan sa mga ospital. Matibay ang ebidensya na hindi lamang pinabayaan ng US ang laganap na nakawan kundi inengganyo pa ito.

Inihapag ng abugado ng mga

Iraqi na si Jan Fermons ang kaso sa Belgium sa ilalim ng batas ng bansa na nagpapahintulot na litisin ng mga korteng Belgian ang sinuman, maging mga dayuhan, para sa mga krimeng pandigma saanmang bahagi ng mundo ito naganap.

Galit na binantaan ng US ang gubyernong Belgian laban sa pagharap sa kaso. Sa ngayon, nanganganib na mabalewala ang kaso dahil sa probisyon sa batas ng Belgium na kung ang mga nakademanda ay mula sa isang "demokratikong" bansa, mas nararapat na doon sa bansang iyon isampa ang kaso.

#### France, pinaralisa ng welga

BUONG araw na paralisado ang France nitong Mayo 13 nang magwelga ang aabot sa dalawang milyong manggagawa laban sa bagong sistemang pensyon ng qubyerno.

Aabot sa 80% ng mga byaheng internasyunal at lokal ang nakansela. Tumigil din ang mga byahe ng mga barko at tren. Nagsara ang maraming ospital at paaralan at

ang serbisyong koreo. Tinatayang aabot sa 700,000 ang sumali sa 100 aksyong protesta sa buong bansa.

Nagwelga ang mga manggagawa para tutulan ang bagong rekisito ng pagtatrabaho ng dagdag pang dalawa at kalahating taon bago makapagretiro at makuha nang buo ang kanilang pensyon.

Taon XXXIV Blg. 8 Mayo 21, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Suportahan ang pakikibaka ng mamamayang Moro laban sa tumitinding atake ng rehimeng US-Arroyo!

Parroyo ang National Democratic Front, ang Moro Islamic Liberation Front (MILF) naman ngayon ang gusto nilang ibilang sa kanilang talaan ng mga "terorista." Pormalidad na lamang ito dahil sa gawi ng US at ng rehimen ay malaon na nilang itinuturing na "terorista" ang MILF. Ipinagmayabang pa ng rehimeng Arroyo na hindi na kailangang ideklarang terorista ang MILF para makakuha ng pondo sa US at ituloy ang todo-gera laban dito sa ilalim ng hungkag na "gera kontra-terorismo" ng imperyalismong US.

Malinaw ang pakay ng tunguhing ito. Ito'y upang mabigyang-katwiran ang ibayo pang armadong interbensyon ng US, na balak nitong simulan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga Amerikanong tropang pangkombat sa mga lugar na kinikilusan ng MILF sa Mindanao, bukod pa sa mga lugar ng bandidong Abu Sayyaf. Kalaunan ay sasaklawin pati na ang mga teritoryo ng Bagong Hukbong Bayan.

Para magkaroon ng batayan ang deklarasyong "terorista" ang MILF, isinagawa ng US sa pamamagitan ng terrorist cell nito sa Pilipinas ang serye ng mga pambobomba sa iba't ibang lugar sa Mindanao. Kinasabwat dito si Defense Secretary Angelo Reyes. Karimarimarim ang sunud-sunod na mga pambobomba sa mga lunsod ng Davao at Koronadal mula Marso hanggang Mayo. Mahigit 50 inosenteng sibilyan ang namatay at daan-daan ang nasugatan sa mga teroristang atakeng ito.

Agad na inilabas ng rehimen ang paratang na ang mga pambobomba ay kagagawan ng sabwatang MILF-BHB-Abu Sayyaf. Isinang

Mga tampok sa isyung ito...

Bt Corn: nakakalasong mais ng Monsanto PAHINA 3 Ka Elvira, mapagkalingang rebolusyonaryo

PAHINA 6

Tagibang na daan tungong kapayapaan sa Palestine

PAHINA 7